



Republic of the Philippines  
Department of Health  
**FOOD AND DRUG ADMINISTRATION**



08 MAR 2022

FDA ADVISORY  
No. 2022-0478-A

**PARA : SA LAHAT NG HEALTHCARE PROFESSIONALS AT SA PUBLIKO**

**PAKSA : Babala sa Publiko tungkol sa Paggamit ng mga sumusunod na Beripikadong Pekeng Gamot na:**

1. Dextromethorpan HBr / Phenylephrine HCl / Paracetamol (Tuseran<sup>®</sup> Forte) 15 mg / 10 mg / 325 mg Capsule
2. Carbocisteine (Solmux<sup>®</sup>) 500 mg Capsule
3. Loperamide (Diatabs<sup>®</sup>) 2 mg Capsule
4. Naproxen Sodium (Flanax<sup>®</sup> Forte) 550 mg Tablet
5. Paracetamol (Biogesic<sup>®</sup>) 500 mg Tablet

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga sumusunod na beripikadong pekeng gamot:

**TUNAY/AUTHENTIC**



**PEKE/COUNTERFEIT**



**Peke/Counterfeit** – Ang knurling at *print appearance* ay hindi tugma sa rehistradong gamut.

Larawan 1. Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peke/Counterfeit na Dextromethorpan HBr / Phenylephrine HCl / Paracetamol (Tuseran<sup>®</sup> Forte) 15 mg / 10 mg / 325 mg Capsule (Lot No. U011218 Exp. OCT 2022)



Management  
System  
ISO 9001:2015  
ID: 8105073396





## TUNAY/AUTHENTIC



## PEKE/COUNTERFEIT



**Peke/Counterfeit** – Ang knurling at *print appearance* ay hindi tugma sa rehistradong gamut.

Larawan 2. Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peke/Counterfeit na Carbocisteine (Solmux®) 2 mg Capsule (Lot No. U089515 Exp. MAR 2026) and (Lot No. Not Indicated Exp. Not Indicated)



### TUNAY/AUTHENTIC



### PEKE/COUNTERFEIT



**Peke/Counterfeit** – Ang knurling, security mark, at print appearance ay hindi tugma sa rehistradong gamot.

Larawan 3. Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peke/Counterfeit na Loperamide (Diatabs<sup>®</sup>) 2 mg Capsule (Lot No. U038725 Exp. DEC 2025) and (Lot No. U021606 Exp. APR 2026)

### TUNAY/AUTHENTIC



### PEKE/COUNTERFEIT



**Peke/Counterfeit** – Ang Lot/batch no. ay hindi manufactured ng Marketing Authorization Holder

Larawan 4. Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peke/Counterfeit na Naproxen Sodium (Flanax® Forte) 550 mg Tablet (Lot No. TFFUK465 Exp. NOV 23)



## TUNAY/AUTHENTIC



## PEKE/COUNTERFEIT



**Peke/Counterfeit** – Ang tableta, *knurling*, *security mark*, at *print appearance* ay hindi tugma sa rehistradong gamot.

Larawan 5. Paghahambing sa Tunay/*Authentic* at Peke/*Counterfeit* na Paracetamol (Biogesic<sup>®</sup>) 500 mg Tablet (Lot No. 19188563 Exp. MAR 2024)

Ang lahat ng *healthcare professionals* at publiko ay binabalaan tungkol sa paglipana ng mga nasabing pekeng gamot sa merkado na maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit nito. Ang publiko ay pinapaalalahanan ring bumili lamang sa mga establisyementong lisensyado ng FDA.


Gayundin, ang lahat ng establisyemento ay binabalaang huwag magbenta ng mga pekeng gamot na nagtataglay ng mga nasabing katangian. Ang pagaangkat, pagbebenta at pamamahagi nito ay paglabag sa *Republic Act No. 9711 or the Food and Drug Administration Act of 2009, and Republic Act No. 8203 or the Special Law on Counterfeit Drugs*. Ang sino mang mapatunayang nagbebenta ng nasabing pekeng produkto ay mapaparusahan.

Ang lahat ng establisyemento at/o entidad ay binabalaang huwag mamahagi ng nasabing iligal na produkto hanggang sa ito ay mabigyan ng kaukulang awtorisasyon. Karampatang parusa ay mahigpit na ipatutupad sa mga lalabag. Ugaliing tignan kung rehistrado ang produkto sa FDA sa pamamagitan ng *FDA Verification Portal feature* na makikita sa <http://verification.fda.gov.ph>.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units (LGUs) and Law Enforcement Agencies (LEAs)* na tiyaking ang pekeng produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaring mag-email sa [info@fda.gov.ph](mailto:info@fda.gov.ph). Upang mag-report ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga pekeng gamut, mag-email sa [ereport@fda.gov.ph](mailto:ereport@fda.gov.ph). Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* sa numerong (02) 8809-5596. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksiyon sa gamot, i-report agad sa FDA gamit ang link na ito: <https://primaryreporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH> at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.

  
**DR. OSCAR G. GUTIERREZ, JR.**  
Officer-in-Charge, Director General

DTN:



20220217155658